Para sa mga Magulang at Tagapag-alaga, Reiwa 3, Hunyo

Prinsipal:Toyoaki Shibai

# Mahalagang Paunawa

# (1 taon magagamit)

## Kung Sakaling Dumating ang Bagyo

Kapag ang bagyo ay dumating sa lungsod ng Kyoto, kasama rin ang [ Kyoto Nambu ] o [ Kyoto / Kameoka ] ( ※ Kapag may pinalabas na babala sa TV at radyo tungkol sa [Espesyal na babala sa pagbaha. ( ※6 na uri pag ulan at bagyo ). "Storm warning" (kasama ang storm and snow warning) [ Evacuation order] [ Emergency safety assurance] [ Rain storm] ay walang pasok sa Kindergarten. [ Mga dapat gawin] Mangyaring basahin ng mabuti ang nakasulat sa ibaba. Ang mga babala ukol sa mga disaster na ito ay makukuha sa TV, Radyo, at Internet. Gayundin ang e-mail na manggagaling sa Kindergarten. Mangyari lamang na itabi ang paunawang ito sa isang lugar kung saan madaling makita kung sakaling may dumating na bagyo atbp.

1 Tungkol sa [Special Warning]

(1) Kung may isang espesyal na babala na inilabas bago ka pumunta sa kindergarten, hanggang sa ang babala ay makansel, mangyaring manatili sa bahay, huwag pumunta sa kindergarten. Mahalaga na protektahan ang iyong buhay.
Kung naka kuha ka ng balita tungkol sa espesyal na babala hanggang alas 12:00 ng gabi, pagkatapos bumalik mula sa kindergarten, sa susunod na araw ay walang klase. Kapag inilabas ang espesyal na babala umpisa ng alas 12:00 ng hating gabi hanggang sa kinabukasan bago pumasok ng kindegarten, walang pasok sa araw na iyon. (Halimbawa, kung ang isang "Special Warning " ay inilabas ng alas-10:00 ng gabi ng Huwebes, isasara ang paaralan ng alas-2:00 ng umaga ng Biyernes, ito ay isang espesyal na babala).

(2) Habang nasa kindergarten, lumabas ang espesyal na babala, ito ay automatically walang pasok. Importante ang kaligtasan at ingatan ang sarili. Pakiusap mangyaring sunduin kaagad ang anak. Bilang karagdagan, kapag may nangyaring hindi inaasahan, at hindi ma-contact ang mga magulang, ang iyong anak ay mananatili sa pangangalaga ng kindergarten.

2 Tungkol sa [Emergency Safety]

[ Kapag nagkaroon ng babala ukol sa emergency safety, ang mga nararapat gawin ay katulad din sa number 1 [Special Warning].

.

3 Tungkol sa [Storm Warning] at [Blizzard Warning]

(1) Bago dumating sa Kindergarten, maghintay hanggang sa announcement ng pag kansel ang [storm warning at blizzard warning]. Hindi na kinakailangang pumunta pa ng kindergarten. Mangyaring manatili lamang sa bahay.

(2) [ Storm Warning at Blizzard warning magkasama] Kapag ito ay nakansel, ang mga susunod na dapat gawin at impormasyon ay maaring makuha sa TV, radyo at internet.

1 Kapag ito ay nakansel hanngang alas 8:00 ng umaga, kagaya ng dati, may pasok sa Kindergarten.

2 Kapag ito ay nakansel hanggang alas 9:00 ng umaga, mag-uumpisa ang Kindergarten ng 9:40 ng umaga.

3 Kapag ito ay nakansel hanggang alas 9:00 ng umaga, mag-uumpisa ang Kindergarten ng 10:40 ng umaga.

4 Kapag umabot ang Warning ng hanggang alas 10:00 ng umaga, walang pasok ang Kindergarten.

(3) Kapag nasa kindergarten ang inyong anak at may storm warning o blizzard warning, mangyari lamang na paki-sunduin ang anak. Pakiusap na manyaring makipag-ugnay kaagad. Bilang karagdagan, habang hindi pa ma-contact ang mga magulang, nasa pangangalaga ng kindergarten ang iyong anak.

4 [Evacuation Order]

(1) Sa mga School District na may Kindergarten [Kyugoku District・Muromatchi District] kapag may flood damage ( flood ) at kapag inilabas ang evacuation order, importanteng protektahan ang sarili at pumunta kaagad sa evacuation center. Kapag hindi pa nakakansel ang evacuation order, huwag munang pumunta sa kindergarten. Kung ang lugar ng tirahan mo ay binabaha, huwag pumunta sa kindergarten. Ang mahalaga ay maprotektahan ang iyong buhay. Mangyaring lumikas sa isang ligtas na lugar tulad ng shelter.

(2) [Evacuation Order] Kapag ito ay nakansel, gawin ang mga sumusunod. Abangan ang impormasyon sa TV, radyo at internet.

1 Kapag ito ay nakansel hanngang alas 8:00 ng umaga, kagaya ng dati, may pasok sa Kindergarten.

2 Kapag ito ay nakansel hanggang alas 9:00 ng umaga, mag-uumpisa ang Kindergarten ng 9:40 ng umaga.

3 Kapag ito ay nakansel hanggang alas 9:00 ng umaga, mag-uumpisa ang Kindergarten ng 10:40 ng umaga.

4 Kapag umabot ang Warning ng hanggang alas 10:00 ng umaga, walang pasok ang Kindergarten.

(3) Kung makakatanggap ka ng isang evacuation order habang nasa kindergarten ka, aabisuhan ka namin sa pamamagitan ng e-mail o sa aming website.

5 [ Babala sa Malakas na Ulan at Babala sa Baha]

Karaniwan, sa ganitong sitwasyon may pasok pa din sa Kindergarten, ngunit ang panganib ng pagbaha, pag guho ng lupa, at pagbaha ay magkaka-iba sa bawat area, kaya’t mas mainam kung manatili na lang sa loob ng bahay. Aabisuhan ka namin sa pamamagitan ng e-mail o homepage.

- Dahil ang situwasyon sa Kindergarten at Elementary School ay magkaiba, mangyaring magkaroon ng awareness sa pagkakaiba sa kung paano panghawakan ang bawat situwasyon sa panahon ng emergency.

[Sanggunian] Pangalan ng Evacuation Information

| Mga Uri ng Impormasyon ng Evacuation | Evacuation Para sa Mga Nakakatanda<br>[Antas ng pag-iingat: Level 3] | Instruction ng Evacuation<br>[Antas ng pag-iingat: Level 4] | Kaligtasan sa Emerhensya<br>[Antas ng pag-iingat: Level 5] |
|---|---|---|---|
| Kapag Mayroong pinalabas na Alarma | Mga sitwasyon kung saan dapat kang lumikas mula sa mapanganib na lugar. Ang mga nakakatanda sa mga lugar kung saan mayroong panganib ng sakuna ay pinapayuhang lumikas. | Malaki ang peligro ng sakuna kaya' ang mga taong nakatira sa lugar ay pinapayuhang lumikas agad mula sa mapanganib na lugar. | Mga sitwasyon kung saan ang isang sakuna ay naganap at may posibilidad na maganap muli. Mga sitwasyon kung saan ito ay itinuturing na mapanganib para sa isang tao na lumikas sa ibang lugar para sa sariling kaligtasan. Ang sitwasyon ay kinakailangan upang baguhin ang mga pagkilos na nakasentro sa "emerhensiyang kaligtasan sa katiyakan" kaysa sa "paglisan sa ibang lugar". |
| Mga Aksyon na Dapat Gawin ng mga Mamamayan | ・Ang mga nakakatanda at ang iba pa ay kinakailangang lumikas mula sa mapanganib na lugar (evacuation o pagtiyak sa kaligtasan indoor).<br>・Kung ang mga tao maliban sa mga nakakatanda ay kinakailangan din lumikas, mangyari lamang na ihinto ang mga karaniwang gawain gaya ng pagliban sa trabaho, pag-commute at maghanda para sa paglikas, gayundin ang kusang paglikas. | Ang lahat ng mga tao matanda o bata ay kinakailangan lumikas mula sa mapanganib na lugar (evacuation o pagtiyak sa kaligtasan indoor). | ・Kung mas mapanganib ang pag evacuate sa sa ibang lugar, dapat tiyakin ang emergency safety.<br>(Gayunpaman, depende sa sitwasyon ang kaligtasan ay maaring hindi palaging masisiguro. |

(Sinipi mula sa "Mga Alituntunin para sa Impormasyon sa Evacuation" na inihanda ng Opisina ng Kabinete)

※ Ang "Emergency Safety Assurance" ay itinatalaga sa mga sitwasyon kung saan inihayag ang "Special Warnings" at kahit na ang mas malalaking mga sakuna (tulad ng pagbagsak ng mga pilapil) ay nangyayari at ang paglikas sa ibang lugar ay tila mas mapanganib. Sa aktwal na operasyon , ang tugon ay ibinabatay sa anunsyo ng isang "Special Warning".

Reiwa 3, Hunyo

Para sa mga Magulang at Tagapag-alaga

# Mahalagang Paunawa

# (1 Taong Magagamit)

Sa Kindergaten na ito, kung sakaling may mangyari ang malakas na lindol na may intensity 5 o higit pa dito sa siyudad ng Kyoto, ay mga impormasyon sa ibaba ay ipapatupad para sa maibayong pag-iingat. Mangyari lamang na abangan ang mga impormasyon sa TV, Radyo, Internet atb

1 Kung May Lindol Bago Pumasok sa Kindergarten

(1) Kung ang lindol ay may lakas na intensity 5 (5-) o higit pa, walang pasok sa kinabukasan.

※ Kung ang lindol ay nangyari sa pagitang ng oras na makauwi ng tahanan hanggang alas dose ng madaling araw, walang pasok kinabukasan. Kung ang lindol ay nangyari sa pagitan ng alas dose ng madaling araw hanggang sa oras ng pagpasok sa paaralan, walang pasok sa araw na iyon.

※ Kung ang lindol ay nangyari bago mag-Sabado, Linggo o di kaya' y bago ang Holidays, ang Kindergarten ay isasara sa susunod na araw ng nasabing weekend at holidays upang magsagawa ng earthquake safety check. Kayo ay aabisuhan sa pamamagitan ng emergency contact network, e-mail at via home page kung kailan muli magbubukas ang Kindergarten.

(2) Sa mga araw na walang pasok, depende sa estado ng damage ng earthquake, kayo ay makakatanggap ng paunawa sa muling pag-uumpisa ng mga klase sa Kindergarten.

2 Kung May Lindol Habang Nasa Kindergarten

Sa oras na magkaroon ng lindol habang ang mga bata ay nasa pangangalaga ng Kindergarten, ang pasok ay makakansela sa oras na iyon. Ang mga magulang ay hinihiling na sunduin ang mga bata sa madaling panahon ng may pag-iingat din sa kaligtasan.

Kapag may pangyayari na hindi inaasahan, habang hindi ma-contact ang mga magulang, ang inyong anak ay mananatili sa pangangalaga ng Kindergarten.